# Iyak Ng Bigas

Sinulat ni: **Dionadith Gay H. Isturis**
Guhit Ni: **Lourdenie R. Morales**
Edited by: **Joseph J. Cristobal**


Si Mang Dodoy ay isang magsasaka sa bayan ng Lezo. May-ari siya ng isang malawak na palayan. Sagana ang pamilya nila sa ani ng bigas.

Madalas marami silang natitirang kanin na nasisira at itinatapon. Isang araw, inutusan ni Aling Mareng ang kanyang anak na si Dagul. "Dagul itapon mo nga itong natirang kanin."

Kaagad naman sinunod ni Dagul ang utos ng nanay. Nang itapon ni Dagul ang kanin, nagsalita ito.

"Inaaksaya ninyo ako."

"Tatlong buwan akong inalagaan at pinalaki ng mga magsasaka, ngayon ay sinasayang ninyo lang ako." Nagulat si Dagul sa nakita at narinig mula sa kanin. Agad itong tumakbo sa kanyang nanay para magsumbong.




Natawa lamang ang kanyang nanay sa sinabi nito, "Kailan ba nagsalita at umiyak ang butil ng kanin?" "Hindi tayo kailanman mawawalan ng kakainin" sagot ng nanay.

Makalipas ang isang linggo, isang malakas na bagyo ang dumating sa kanilang bayan. Lahat ng mga pananim nilang palay ay nasira at walang natira. Umiiyak si Aling Mareng dahil sa nangyari sa kanilang palayan. "Paano na tayo ngayon? Ano ang kakainin natin, magugutom tayo?" sabi ni Aleng Mareng.

"Saan tayo ngayon kukuha ng kakainin Dodoy?" tanong muli ni Aling Mareng sa kabiyak. "Hindi ko alam, kung hindi sana tayo nag-aksaya ng kanin," sagot ni Mang Dodoy.

Bigla na lamang lumabas ang isang butil ng bigas sa kanilang harapan na tumatawa. "Iyan ang bagay sa inyo na hindi pinahahalagahan ang katulad namin. "Kabayaran iyan sa inyong paglapastangan at pag-aaksaya sa amin," sabi ng bigas.



"Hinding-hindi na kayo makakatikim ng bigas kailanman," babala ng butil ng bigas.

Humagulgol si Aling Mareng habang humihingi ng patawad sa butil ng bigas. "Patawarin mo kami sa aming pag-aaksaya sa iyo, at sa hindi namin pagpapahalaga sa bawat butil ninyo. "Parang awa niyo na," pagmamakawa ni nanay Mareng.

Umiyak nang umiyak si Aling Mareng. "Mareng, Mareng,

Mareng! Gising! Nanaginip ka yata ng masama," panggigising sa kanya ni Mang Dodoy. Nagising si Aling Mareng, akala niya ay totoo ang lahat.

Pagkatapos nang pangyayaring iyon, natuto nang magtipid sa pagluluto ng kanin si Aling Mareng. Nagluluto na lamang siya ng sapat sa kanilang buong pamilya. Kung may natitirang kanin ay ginagawa niyang pagkaing buti.